
# PAGBABAGO ng PUSO

Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Fr. Albert O. Garong, SSP

Marso 9, 2024

Ang mga unang salita na sinabi ni Hesus sa ebanghelyo ni Marcos ay ang sentro ng Kanyang pagtuturo: "Magsisi, at maniwala sa Ebanghelyo. Ang "magsisi" at "maniwala" ay dapat laging magkasama. Ang tunay na pagsisisi ay nagbubunga ng pagbabago ng puso. Ang Diyos, sa Kanyang mapagmahal na awa, ay nagbibigay ng mga biyaya sa atin sa pamamagitan ng Sakramento ng Pagkakasundo.




**1. Ang pagsisisi ay nagpapakita ng pagbabago ng direksyon.** Ito ay pagtalikod sa kasalanan at pagbabalik loob sa Diyos.

**1.1** Ang pag-punta sa isang direksyon ay HINDI dapat pumunta ng sabay sa ibang direksyon.

**1.2** Ang pagsisisi ay pangako na dadaan sa isang direksyon lamang ng buhay.

**2. Ang pagwasak sa mga makasalanan ay hindi dahilan na ang mga tao ay umiwas sa kasalanan. Dapat may pagbabago ang puso.**

**2.1** Marami ang namatay sa pandaigdigang pagbaha noong panahon ni Noe (Gen.6:13-19). Gayunpaman, sa paglipas ng mga taon, hindi natuto ang mga tao at patuloy silang nagkasala. Sa Genesis 11:1-8, tinangka pa ng mga tao na magtayo ng tore ng Babel na makararating sa langit. Malinaw na ipinagmamalaki nila ang kanilang tagumpay.

**2.2** Ang tunay at panghabang-buhay na pagbabago ay dapat magsimula sa puso. Hilingin natin sa Diyos na dalisayin ang ating puso dahil Siya lamang ang makalilinis at makababago sa ating puso.

**2.3** Hayaan nating gawin ng Diyos ang kanyang trabaho. Humingi tayo ng grasya upang mabago ang ating puso, hindi lamang sa ating sarili pati na rin sa kapwa.

**3. Maniwala ka!**

**3.1** Maniwala na ang nais lamang ng Diyos ay patawarin tayo (Lk 15:7). Nagagalak ang Diyos kung tayo'y magsisi at Siya'y sabik na patawarin tayo.

**3.2** Maniwala na kapag ang Diyos ay nagpatawad, kinalilimutan na Niya ito.

**3.3** Maniwala na pinatawad na Niya tayo.

**3.4** Maniwala na maaari tayong magtiwala sa Diyos

**3.5** Maniwala na ang tamang panahon upang magsisi ay NGAYON. Ang oras ng pagbabago ay NGAYON na.

**3.6** Maniwala na ang pagsisisi ay isang proseso. Nagbabago ang ating puso at bumubuti ang ating buhay.

**4. Sa pamamagitan ng Kumpisal, nabibigyan tayo ng grasyang kailangang-kailangan natin.**

**4.1** Binigyan tayo ng Diyos ng tiyak na daan para mapatawad ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Sakramento ng Pagkakasundo (Mt.18:18).

**4.2** Tayong mga Katoliko, naniniwala na, kung taos-puso tayong nagsisisi sa ating mga kasalanan, ang iginagawad na kapatawaran ng pari sa Kumpisal ay daan ng pakikipagkasundo natin sa Diyos.

**4.3** Ang Juan 20:23 ay pangunahing bersikulo para sa mga Katoliko tungkol Sakramento ng Pakikipagkasundo: "Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad." Binigyan ni Hesus ang mga apostol ng awtoridad na magpatawad ng mga kasalanan.

**KONKLUSYON:**

Gusto ng ating mapagmahal at mahabaging Diyos na maging malapit tayo sa Kanya. Kung tunay ang ating pagsisisi sa ating mga kasalanan, nangangako ang Diyos na patatawarin Niya tayo at bibigyan tayo ang nararapat na grasya upang mabago ang ating mga puso.

**PAGNINILAY:**

Kailan ka huling nangumpisal? Magpasyang mangumpisal ngayong panahon ng Kwaresma.

**SCRIBES MINISTRY:**
Isinalinni: Sis. ThessSarmiento
Na-edit ni: Sis. Nida Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Kumpisal, #Pagsisisi, #Kuwaresma